Pananalig sa Bata

Ang Paghahawan ng Landas para sa Pagtataguyod ng Panitikang Pambatang Filipino ng mga Muling Pagsasalaysay at Saling Pambata ni Jose Rizal

Wennielyn F. Fajilan
UNIBERSIDAD NG SANTO TOMAS

Abstrak

Inilalahad sa artikulong ito ang kawing-diwang anti-kolonyal sa pagsasaling pambata. Tampok dito ang mga halimbawang tunguhin ng pagsasaling pambatang Filipino na pinamunuan ng mga muling pagsasalaysay at saling pambata ni Jose Rizal. Isinisiwalat ng papel ang makasaysayang pagtuon ng mga akdang ito sa pagbibigay-halaga sa pagkabatang Pilipino na kaugnay at kaakibat rin ng mga hangarin ng bayani ukol sa pagkakamit ng pagkakapantay-pantay sa mga Espanyol. Sa paglikha ng mga muling pagsasalaysay para sa batang Pilipino, binalikwas ni Rizal ang kalakarang moralistiko at relihiyoso na namayani sa pananakop ng mga Kastila. Sa pagpili ng pabula at ng paghahambing nito sa isa pang akdang Asyano, iginigiit ng kanyang muling pagsasalaysay ang bisa ng kulturang popular bilang sisidlan at daluyan ng kontra-gahum at subersibong sensibilidad para sa mga naaapi. Samantala, sa pagsasalin sa mga akda ni Andersen sa Tagalog, nailatag ang mga prinsipyo sa pagpili ng teksto, mga katangian ng isang mahusay na tagasalin at ang pagsusulit-wikang iniaambag nito sa ating wika. Sa gitna ng lahat ng ito, ang mga inisyatiba ni Rizal ay naghawan ng landas upang magsimula ang panitikang pambata bilang anyong may hangaring ikawing ang mga batang Pilipino sa pagkabatang lampas at labas sa pagiging kiming tagasunod sa mga mananakop. Inilunsad ng mga akdang ito ang panitikang pambatang nagpapahalaga sa katutubong panitikan at umuugnay sa mga makabuluhang panitikan sa daigdig upang malinang ang pagkabatang may dignidad, malikhain at mapanuri.

(This article shows the anti-colonial nature of translating for children. It features examples of Filipino translations for children whose objectives are oriented towards the retelling and translations of Jose Rizal. The paper exposes the historic significance of these works by giving importance to the Filipino youth as a vital component of the hero's hopes of achieving equality with the Spaniards. By creating retellings for the Filipino youth, Rizal is able to disassemble moralistic and religious systems that dominated Spanish rule. By choosing a fable and comparing it to other Asian texts, his retellings emphasize the power of popular culture as bearer and stream of counter-hegemonic and subversive sensibilities for the downtrodden. Meanwhile, in translating Andersen's works to Tagalog, the principles for selecting texts and characteristics of a good translator are laid out, and the challenges it contributes to the development of our language. In the middle of all these, Rizal's initiatives have set the path for children's literature to make sure that its form will be accommodating of expressions of Filipino youth that goes above and beyond becoming passive followers of

our colonizers. These works launched children's literature as a flagbearer of local literature and which connects to the relevant literary practices from all over the world that is consistent in developing children with dignity, creativity and criticality.)

Mga Panandang Salita: pagsasaling pambata, muling pagsasalaysay, Jose Rizal, Pagong at Matsing, Hans Christian Andersen

Pananakop sa pagkabata sa ilalim ng kolonyalismong Kastila

Namamana ng anak ang estadong panlipunan ng kaniyang mga magulang. Ito ang isa sa mga pangunahing katangian ng pamilyang Pilipino sa panahong katutubo. Ang pagiging maharlika, alipin, malaya, lehitimo at di-lehitimong anak ay bunsod ng pamilyang kinabibilangan at hindi sa sariling kagustuhan. Kaugnay nito, maraming mga pamahiin, ritwal at gawain ang iba't ibang etnolingguwistikong grupo upang palakasin at protektahan ang anak laban sa mga masasamang elemento at kapalaran (Bellen 18-28). Kalimitang tumutulong ang mga bata sa mga gawaing pantahanan at pangkomunidad, hindi sila itinuturing na iba kundi integral na bahagi ng komunidad at siyang katuwang ng mga nakatatanda sa iba't ibang yugto ng buhay: kapanganakan, paglaki, pag-aasawa at kamatayan. Sa ganitong konteksto, nahubog ang sinaunang panitikan, salimbibig ang karaniwang pamamaraan ng pagpapalaganap ng mga pasalitang anyo. Hindi hiwalay ang panitikang pambata sa katutubong panitikan sa halip, panlahat ang mga kuwentong bayan, alamat, pabula at mga epiko na naririnig ng buong pamayanan sa mga panahon ng kuwentuhan at ritwal. Kinilala ang papel ng mga bata sa pagtiyak ng pagpapatuloy ng komunidad bilang mahahalagang tagapagbitbit ng mga tradisyong pampanitikan, pampolitika at panrelihiyon (Dans Lee 82-83).

Hindi hiwalay ang panitikang pambata sa katutubong panitikan sa halip, panlahat ang mga kuwentong bayan, alamat, pabula at mga epiko na naririnig ng buong pamayanan sa mga panahon ng kuwentuhan at ritwal. Mahihiwatigan sa panitikang bayan ang natatanging pagpapahalaga sa mga bata lalo na sa mga etnoepikong kinapapalooban ng iba't ibang katangian ng kagila-gilalas na batang bayani. Natatangi ang paglaki at pag-aarugang naranasan ng mga bayaning gaya nina Sandayo, Labaw Donggon, Banna, Lumalindaw at iba pa. Pinamamanahan sila ng materyal na bagay gaya ng mga kagilagilalas na mga sandata at kasuotan. Ipinagkakaloob rin sa kanila ang pamana ng edukasyong kultural at teknikal upang matutong mabuhay at makidigma nang marangal dahil hindi alintana ang edad sa kabayanihan sa sinaunang lipunan (Evasco 98-109). Kinikilala ng mga katutubong Pilipino ang kapangyarihan ng bata sa lipunan.

Sa panahon ng pananakop ng mga Kastila, sinupil ang konsepto ng kabayanihan sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mga panitikan at sistema ng edukasyong nagbabandila sa mga halagahan ng kolonyalismo.

Masunurin, marunong magtimpi, magalang sa mga nakatataas at madasalin. Iyan ang ilan sa mga pangunahing katangian na inaasahan sa mga batang Indio. Malaking salik sa pagbabalewala sa pagkabata ang mapambulag na sistema ng edukasyon. Itinayo ng mga prayle ang mga paaralan para sa kanilang mga parokya at kongregasyon kung saan itinuro ang wikang Kastila at doktrinang Kristiyano na ang tuon ay makahubog ng mga batang tumatalima sa mga utos ng simbahan at magpapahalaga sa kolonyal na pamahalaan.

Katuwang ng sistema ng edukasyon ang iilang panitikang naging bahagi ng pagkatutong kolonyal. Pangunahin sa mga ito ang mga saling pambata gaya ng *Caton Cristiano* at *Lagda*.

Ang *Silabario* o *Caton Cristiano o Doctrina Christiana para Uso de las Escuelas* (1839) na inilathala ng isang palimbagang Pransiskano sa Sampaloc, Maynila, ay isang munting aklat para sa pagbabasa ng alpabeto at pagbibilang (Dans Lee 84). Isinalin sa Bisaya ni Padre Pedro de Estrada na nailimbag noong 1734. Naging napakatanyag nito na nailimbag muli sa mga taong 1746, 1850, 1865 at 1893 (sipi ni Bellen kay Zaide 25). Naglalaman ang *Lagda* ng 12 maiikling aralin para sa mga bata gaya ng paggising sa umaga at bago matulog, mga asal sa loob at labas ng bahay, sa simbahan, sa paaralan, sa harap ng hapagkainan, paggamit ng mga pandama, asal sa harap ng ibang tao, tuwing may pagtitipon, at mga aral ukol sa kalinisan. Sa lahat ng ito hinuhubog ang isang batang masunurin, tahimik, matiisin, mapagtangkilik sa awtoridad at may matataas ang estado sa lipunan, at higit sa lahat, madasalin. Ito rin ang pangkalahatang katangian ng iilang mga saling pambata na naitala sa antolohiya ni Antonio noong 1999.

1879 nang ilathala ng Imprenta del Colegio de Santo Tomas *Ang Bagong Robinson, historiang nagtuturo nang mabubuting caugalian, na ginauang tanungan nang icatuto at icalilibang nang manga batang babayi't lalaqui*, salin ni Joaquin Tuason ng *Robinson de Jüngere* ng Alemang si Joachim Heinrich Campe mula sa bersiyong Espanyol ni Dr. Tomas de Iriarte. Ang *Robinson de Jüngere* ay nailathala noong 1770s at kinikilala bilang unang akdang pambata sa Alemanya. Halaw ito mula sa akdang A*dventures of Robinson Crusoe* (1719) ni Daniel Defoe, ang kauna-unahang nobelang Ingles. Naging popular ang akda

sa Europa kaya marami ang mga salin at adaptasyon (Guillermo "Themes of Invention" 4-6). Ang akda ni Tuason ang maituturing na kauna-unahang saling pambata sa wikang Tagalog at ikalawang nobelang salin sunod sa salin ng *El Martir de Golgota* ni Enrique Perez Esrich noong 1872 (Guillermo "Themes of Invention" 13).

Sa paunang salita ng *Ang Bagong Robinson*, malinaw ang sariling sensurang ginawa ng tagasalin sa kaniyang pag-aalis ng mga "di kapakipakinabang" ang pagdaragdag ng mga elementong makapagpapayaman sa pananalig ng mga mambabasang Tagalog gaya ng pananalangin kay Maria tuwing may mga hamon ang bidang tauhan sa kaniyang pag-iisa sa isla (Tuason 1879 11-13). Bukod dito maging ang pinaghanguang tekstong Espanyol ni Tuason ay iba sa orihinal na Aleman ni Campe. Binago ang pormalidad ng wika, estilo ng pagsasalaysay at iba pang mga impormasyon na ayon kay Iriarte ay higit na angkop sa kakayahan ng batang mambabasa (sipi kay Iriarte ni Guillermo "Themes of Invention" 12). Kung kaya ang saling pambata ni Tuason ay isang tekstong lubos na hinubog ng mga paniniwala at prinsipyong pambata ng mga tagasalin at palimbagang pinagdaanan nito.

Ang iba pang mga salin para sa mga bata ay lubos na tumuon sa doktrina, sakramento, aral panrelihiyon at kabutihang asal (Antonio, 1999) gaya ng sumusunod:

> *Ang pagcocompisal at paquiquinabang na magaabot nang pag-iisip nang mga batang lalaqui at babayi* Raymundo P.F. Cortazar, 1885
>
> *Salitaan ng dalawang bata tungcol sa Mahal na Puso ni Jesus; pagcacalat nang cagalingan. Sinipi sa Revista Popular sa Barcelona ng isang devoto* Anonimo, 1893
>
> *Mga tagobilin sa mga bata* Tuason, 1895
>
> *Pagpapaonaua na parang tanongan sa caocolang dapat na gagau-in nang mga batang bagong magcocompisal* Mendoza, 1896

Hindi naman naiiba ang tema at nilalaman ng mga nabanggit na akda sa pangkalahatang kalipunan ng mga salin sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Halos lahat ng mga akdang salin sa panahong ito ay nagtuturo ng mabuting asal, tamang pagdarasal, buhay ng mga santo at nagbabala laban

sa pagkakasala (Antonio 1-15). Bukod tangi sa lahat ng ito ang mga salin at muling pagsasalaysay ni Rizal noong 1885-1890.

Pag-uugat sa sariling kabihasnan sa pag-akda ng unang kuwentong pambatang Filipino

Nanirahan si Rizal sa Pransya sa panahon ng Taglagas sa taong 1885 matapos ang pag-aaral ng medisina sa Madrid upang maging residenteng optalmologo sa klinika ni Dr. Louis de Wecker. Sa mga panahong ito tinatapos niya ang pagsulat ng *Noli Me Tangere* at nag-aaral din siya ng wikang Pranses. Nakituloy siya sa kaibigang si Juan Luna na noo'y nanliligaw pa lamang kay Paz Pardo de Tavera. Dahil dito madalas silang nagpupunta sa bahay ng dalaga at minsa'y hiniling nitong magsulat sa kaniyang album gaya ng nakagawian ng mga babae sa Europa. Halos puno na ang buong aklat ng dalaga kaya ang mga natitirang pahina ay inilaan ni Rizal ng kaniyang palarawang muling pagsasalaysay ng kuwentong Tagalog na *Le singe et la tortue* (Salanga 11), Pranses na pamagat ng *Ang Matsing at Ang Pagong*. Espanyol ang mga salitang pasalaysay na nilangkapan ng mga ilustrasyong pambata.

Itinuturing ang muling pagsasalaysay bilang isang natatanging paraan ng pagsulat. Bilang adaptasyon ng naunang teksto, mayroon itong sariling mensahe na halaw ngunit iba sa pinagmulang teksto. Kaya't mahalagang masuri kung paanong nailalahad ng adaptasyon ang naunang naratibo (Kalmbach 1980).

Taglay ng muling pagsasalaysay ni Rizal sa *Kuwentong Pagong at Matsing* ang mga katangian ng isang akdang pambata. Una, nagbukas ang kuwento sa larawan ng isang lola na nakaupo at may kaharap na mga batang babae at lalaki. Nakaupo sa kawayang bangko ang lola na hawak ang kaniyang tungkod habang nakikinig naman ang dalawang batang lalaki at isang batang babae. Nasa loob sila ng isang silid ng kubo at ipinahihiwatig na ang pagkukuwento ay ginagawa sa gabi dahil sa bukás na ilawang tumatanglaw sa kanila. Ito ang tipikal na estilo ng mga aklat pambata sa Europa sa panahong iyon na pinaghalawan ng pagkukuwento ni Lola Basyang (Almario 135). Masusundan ito ng 30 ilustrasyong may kalakip na larawan at pagsasalaysay ng mismong kuwento (Salanga 11-19).

Katangi-tangi ang akda dahil nagpamalas si Rizal ng kakayahang sumulat ng palarawang panitikan na may talaban ng mga larawan at titik. Ang mga ilustrasyon ay kakikitaan ng malinaw na paglalarawang tauhan sa pamamagitan ng paggamit ng estratehiya ng paghahambing sa laki, kilos at ekspresyon ng mukha ng dalawang pangunahing tauhan. Ang lakas ni Matsing ay makikita sa kaniyang higit na laki kay Pagong. Ang kaniyang pagiging mapanlamang at mapaghiganti naman ay binigyang-pansin ng mga ilustrayong pangmukha (close-up) na nagdedetalye ng kaniyang mga damdamin at kaisipan. Samantala, ang matalinong panlilinlang ni Pagong ay naitago ng kawalan ng detalyadong ekspresyon ng mukha at ng kaniyang payat at maliit na anyo. Bukod dito, sa mga larawan rin makikita ang kaligiran ng kuwento gaya ng loob at labas ng kubo ni Pagong, ang kagubatan at ang ilog kung saan natapos ang kuwento. Makikita sa ilustrasyon ng *Kuwentong Pagong at Matsing* ang mataas na sensibilidad sa biswal na panitikan ng manunulat dahil sa paggamit ng iba't ibang estilo ng pagguhit, angkop na paglalagay ng pasalitang salaysay at sa interaktibong pag-uugnay ng mga ito upang makabuo ng isang akdang nagbibigay ng biswal na karanasan sa mga bata (Matulka 4).

Iginuhit ni Rizal ang muling pagsasalaysay upang mag-ambag sa mga alaalang iniipon ni Paz Pardo de Tavera mula sa mga kaibigan. Mahihinuhang ang pagpili ni Rizal sa teksto ay isang paraan upang maaliw at hindi mawaglit sa isip ng dalaga ang kaniyang pinagmulan sapagkat sa kaniyang obserbasyon, lubhang Filipino pa rin ito sa kabila ng kaniyang kakayahang gumamit ng mga wikang Ingles at Pranses (Salanga 10).

Ang bisa ng panitikang popular sa pagbawi sa nilusaw na kultura

Ang mga kuwentong bayan gaya ng pabula ay laganap sa iba't ibang bahagi ng daigdig bago pa man natutong magsulat at magbasa ang tao. Sa Kanluran, tinatanaw ang kasaysayan ng pagsulat ng mga pabula sa mga panahong 800 BK batay sa kasulatang didaktiko sa mga luwad na tabla o *clay tablets* na natagpuan ng mga arkeologo sa Sumer at Babylonia. Tampok sa mga kuwentong ito ang mga hayop na may katangiang pantao at nagpapakita ng mga aral sa buhay. Laging may tunggaliang "pantao" na dapat lutasin ang mga hayop, sa proseso ng paglutas nailalahad ang mga posibleng patarakang pang-

etika at mga prinsipyo ng katarungan. Sa ganitong pagtingin, nag-aambag ang mga pabula sa proseso ng sibilisasyon ng mga tao at sa paghubog ng pagpapakatao (Zipes 10).

Kaugnay ng nabanggit, gagamiting muli ni Rizal ang kuwentong *Ang Buhay ng Pagong at Matsing* upang balikan ang itinakwil na sibilisasyon ng kolonyalismong Kastila. Ang pabula ay kaniyang sinuri sa isang pahambing na pag-aaral sa wikang Ingles tungkol sa mga pabula sa Asya. Inilathala sa *Trubner's Oriental Record* sa London noong Hulyo 1889 ang sanaysay na "Two Eastern Fables" kung saan inihambing niya ang *Buhay ni Pagong at Matsing* sa pabulang Hapon na *Saru Kani Kassen* o *Labanan ng Matsing at Alimango*. Sa sanaysay na ito tinangka niyang patunayan na higit na nauna ang bersiyong Tagalog kaysa Hapon dahil sa mas natural at lohikal ang banghay at karakterisasyon nito. Halimbawa nito ang di kapanipaniwalang mabilis na paglaki ng puno ng *persimmon* sa bersiyong Hapon di gaya ng saging at ang kawalang kakayahan diumano ng alimango na makaaakyat ng puno. Para kay Rizal, ang bersiyong Tagalog ay higit na payak ang anyo at may oryentasyong pilosopikal. Samantala, ang paraan ng pakikidigma ng mga alimango laban sa sakim na matsing naman ay nagpapakita naman ng komplikadong banghay na kaugnay ng sibilisadong kultura ng mga Hapon sa panahong iyon. Higit na maraming pagbabago ang bersiyong Hapon na nagpapatunay na ang pinagmulan ng kuwentong bayang ito ay ang bersiyong Malay na maaaring nagmula sa Timog, sa Sumatra, Java, Borneo, Mindanao, o maaari ring sa Pilipinas, at napunta sa Hilagang bahagi. Binago na lamang ang ilang pangyayari upang iangkop sa klima at at kaugalian ng ibang bansa (Sipi kay Rizal ni Salanga 63-64).

Ayon kay Rizal, *Ang Buhay ni Pagong at Matsing* ang pinakapopular na kuwento sa mga Tagalog kahit pa mayroong higit na mas magaganda at interesante. Alam rin niyang mayroong bersiyong Bisaya ang kuwento maging sa iba pang lugar na Malay. Maaga itong natutuhan ng mga bata at pinaghahanguan ng iba't ibang mga kasabihan, kawikaan at paniniwala na nagagamit pa rin sa pang-araw-araw na buhay (Sipi kay Rizal ni Salanga 61). Sa pagmamapa ni Zorilla (''Kuwentong Pagong at Matsing") sa pag-iral sa kasaysayan at kultura ng kuwentong ito, napag-alaman na unang naitala noong 1668 ni Padre Francisco Ignacio Alcina ang bersiyong Waray na isinalin sa wikang Espanyol. Pangalawa si Rizal sa naglathala ng kuwento

samantalang nakakalap ng higit 10 bersiyon mula sa iba pang wikang katutubo sina Damiana Eugenio. Magpapatuloy ang popularidad ng akda bilang pangunahing kuwentong pambata dahil sa impluwensiya ni Rizal at ng patuloy na paglikha ng iba't ibang bersiyon ng kuwento patungo sa mga *picture book*, paggamit sa dalawang tauhan sa Batibot at ang pagsasadula rito sa mga tanghalang pambata kung kaya mahalaga ang akda sa kasaysayan at kulturang Filipino.

Sa paghahambing sa muling pagsasalaysay ni Rizal sa mga kasalukuyan bersiyon ng *Kuwentong Pagong at Matsing* sa usapin ng malakas laban sa mahina, nailahad ni Torres-Yu ("Muling Pagsasalaysay…") na sa kabila ng pagbabago ng mga konseptong ito sa pagdaloy ng panahon, nagpatuloy ang diwa ng salaysay ni Rizal na nagpapahalaga sa talas ng mahina kaysa sa tuso ng malakas. Kahawig din ng ganitong pagtingin ang impluwensiya ng akda ni Rizal sa patuloy na popularidad ng akda bilang panitikang pambata sa kasalukuyan at kung paanong nag-aambag ito sa dalumat ng linlang (Zorilla ''Kuwentong Pagong at Matsing").

Ang muling pagsasalaysay at ang proyekto ng pagkakapantay-pantay

Muling pagsasalaysay ang anyo ng kuwentong pambatang unang naisulat ng isang Pilipino mula sa sariling pagkabata. Bilang pagkilala sa pagpapasimuno ni Rizal sa anyong ito, pinagdiriwang ang *Pambansang Araw ng Aklat Pambata* sa pamumuno ng *Philippine Board on Books for Young People* mula noong 1984 tuwing buwan ng Hulyo, ang buwan ng pagkakalathala ng "Two Eastern Fables" (Kasilag nasa Salanga 6).

Isa pang muling pagsasalaysay ng kuwentong bayang Tagalog ang ilalathala ni Rizal sa taong 1890. Ito ang alamat ni *Maria Makiling* na inilimbag sa *La Solidaridad*, ang pahayagan ng kilusang Propaganda. Sa akdang ito naihanay ni Rizal ang iba't ibang mga kuwentong kaniyang narinig tungkol sa misteryosang diwata ng bundok ng Laguna. Ang paghahanay ay tila dokumentasyon ng iba't ibang mga patunay ng mga kuwentong nagpasalin-salin na siya mismo'y naghanap ng aktuwal na mga patunay tuwing namamalagi sa bundok ng Makiling (Salanga 65-69).

Sa larangan ng panitikang pambata, isang mahalagang proyektong pangkultura ang muling pagsasalaysay dahil naipaparating sa kasalukuyang mambabasa ang mga akdang tinangkilik noong sinaunang panahon nang malinang ang kanilang kamalayan tungkol sa mga ugat ng kanilang kultura't tradisyon (Torres-Yu "Usapin ng Kapangyarihan" 9). Dulot ng karanasang kolonyal, sinupil ang mga sinaunang panitikan sa pamamagitan ng kawalan ng limbag sa mga ito. Subalit nagpatuloy ito sa alaala ng bayan sa paraang pasalita at pagkukuwento sa mga bata gaya ng naranasan ni Rizal sa kaniyang sariling pagkabata.

Ang lahat ng mga muling pagsasalaysay ni Rizal kasama na ang mabusising proyekto ng anotasyon sa akdang *Sucesos de Las Islas Filipinas* ni Morga (1890) at ''Specimens of Tagal Folklore" na kaniyang inilathala sa Trubners Record noong Mayo 1899, ay bahagi ng hangarin ni Rizal na patunayan ang pag-iral ng 'namanang sibilisasyon' bago pa ang panahon ng pananakop ng mga Kastila noong ika-16 na dantaon (Salanga 59). Bilang bahagi ng nasabing sibilisasyon, pundasyon ang mga panitikang ito upang lalong paigtingin ang paggigiit laban sa diskriminasyon at mapang-aping sistemang kolonyal. Maiuugnay ang ganitong pagtingin sa gamit ng pabula bilang isang instrumento para sa kontra-ideolohiya at pananaw-mundo ng mga api laban sa mga naghahari. Bitbit ng pabula ang pananaw ng pinaghaharian dahil sa diskursong ito, malaya ang pagpapahayag, anonimo ang mananalaysay at hindi tuwiran ang mensahe (Zipes 11).

Si Rizal ang kinilalang pangunahing pinuno ng kilusang Propaganda na lumaban para sa pantay na karapatang-pantao ng mga Pilipino bilang tunay na mamamayan ng Espanya at hindi aliping kolonyal. Ayon sa kaniya, sa gitna ng pagsisikap na mabago ang relasyon sa mga Kastila, mahalagang mapanatili ng mga Pilipino ang pagiging mabuting mamamayan sa pamamagitan ng paggamit ng isip, puso at bisig sa pagsulong ng bansa. Kamay ang pangunahing instrumento ng mga ito at para sa kaniya, ang kaniyang panulat ang nais niyang gamitin (sipi ni Salanga sa liham ni Rizal kina Jaena, Apacible at Ponce noong 1889). Isang mahalagang bahagi ng pakikibaka sa panulat ang pag-uugat sa mga panitikang bayan na isinantabi ng kolonisasyon.

Ang muling pagsasalaysay ni Rizal ay halimbawa ng hinahanap na katangian sa kasalukuyang panitikang pambata ni Rolando Tolentino ukol sa "paggamit ng *folklore* bilang seryosong interbensyon sa paghihimok na

maging kakaibang pagkatao sa kolektibong pagdanas ng pagtanggap ng pinakamarahas na pang-araw-araw na karanasan" (Tolentino 10). Ang muling pagsasalaysay ng *Ang Buhay ni Pagong at Matsing* ay isang modelo ng makabuluhang pagsasaling intersemiyotikal sa pamamagitan ng mga palarawang paglahahad ng isang pasalitang panitikan sa panahong walang puwang ang panitikang pambata sa lipunan. Ito ang maituturing na kauna-unahang aklat pambata para sa mga Pilipino (Bolasco xv). Ang paghahambing naman ng nabanggit na akda sa pabulang Hapones ay isa ring mahalagang ambag sa disiplina ng komparatibong panitikan sa pangkalahatan at pati na rin sa komparatibong panitikang pambata na kailangan para sa makabuluhang pag-uugnay-ugnay at pagmamapa ng mga panitikan sa daigdig (O'Sullivan 40). Sa hambingang ito naisiwalat ni Rizal ang katangiang pilosopikal at politikal ng mga kuwentong bayan. Hindi lamang nito pinatutunayan na may pamanang sibilisasyon ang mga sinaunang Pilipino ngunit binibigyang-halaga rin na kabahagi ng pamanang ito ang mga batang siyang laging kasali sa pakikinig ng mga kuwentong bayan. Mahalagang maidiin na ang kawalan ng ekslusibong panitikang pambata sa panahong pre-kolonyal ay nagpapakita ng integrasyon ng mga bata sa komunidad at hindi ang sinadyang kolonyal na patakaran ng pagkakait ng panitikan para sa kanila. Samakatwid sa pamamagitan ng muling pagsasalaysay, nababalikan hindi lamang ang panitikang sinauna kundi pati na ang mga bitbit nitong ugnayang panlipunan at mga kontekstong pangkasaysayan kaya nagiging makabuluhan para sa kasalukuyan at sa hinaharap.

Pagsusulit wika sa pagsasalin sa mga kuwento ni Andersen

Taong 1886 nang manirahan si Rizal sa Leipzig, Alemanya sa imbitasyon ng pamilya Ullmer upang magpakadalubhasa sa wikang Aleman. Bukod dito, naging abala siya sa pagtatapos ng pagsulat at paghahanap ng pinakamurang imprenta para sa paglilimbag ng *Noli Me Tangere*. Pinagtuunan din niya ang pormal na pag-aaral ng wika sa pamamagitan ng pagsasalin ng mga akdang Aleman sa Tagalog at pagpapanukala ng mga pagbabago sa ortograpiyang Tagalog (Salanga 23-25).

Bilang tugon sa hiling ng kaniyang mga kababayan sa Calamba, isinalin ni Rizal ang dulang "Guillermo Tell" ni Friedrich Schiller mula sa orihinal na Aleman. Ito ang pinakamahabang akdang naisulat ng bayani sa wikang Tagalog na salin ng kuwento ng isang lalaking naging bayani nang palayain ang kaniyang bayan mula sa maling pamamahala (Ocampo, N. 121). Sa panunuri ng akdang ito, nailalahad kung paanong ang pagsasalin ay hindi lamang isang gawaing pangwika, kundi isang makabuluhang sanggunian sa pagtugaygay sa kasaysayan ng mga diskursong pampolitika at pang-ideolohiya sa Pilipinas (Guillermo *Translation and Revolution* 217).

Kasabay ng pagsasalin ng akda ni Schiller, nagsalin din si Rizal ng mga kuwentong pambatang Europeo at ipinadala para sa mga pamangkin noong Nobyembre 1886 (Salanga24-25). Tulad ng naunang salin, sulat-kamay rin ang ginamit niya at nilakipan ng sariling mga ilustrasyon ang kaniyang proyektong "Andersen, Mga Salitang Ysinalin sa Tagalog buhat sa Aleman." Makasaysayan ang akdang ito bilang kauna-unahang sekular na kuwentong pambata na isinalin nang tuwiran sa Tagalog.

Ang tagasalin bilang pihikang mambabasa

Bilang tagasalin, ang mapanuring katangian ni Rizal bilang mambabasa ay masasalamin sa pagpili ng kaniyang mga teksto. Ang pagpili ng mga akda ni Andersen ay nakaugat sa kaniyang paniniwalang ito ay mahusay na akdang banyaga na nararapat na basahin ng mga pamangkin at ng mga batang Pilipino. Malinaw ito sa unang bahagi ng paghahandog ng akda para sa mga pamangking sina Emilio, Angelica at Antonio, ang tatlong nakatatandang anak ng kapatid na si Narcisa (Salanga 24):

> *Dáhil at sa ualang láging ísip kundi ikagagaling ninió, kayong mg*ã *múrang bunga ng mg*ã *kinapatid,* ai ***pinaginutan kong isálin sa matamis natíng wik***ã ***ang mg***ã ***kalugudlugud na salit***ã ***ni Andersen, upan ding mabása ang mg***ã ***natátalos ng ibang mg***ã ***bat***ã ***sa Europa*** (sipi ni Ocampo, N. 2002, 136 sa liham ni Rizal 14 Oktubre 1886) (akin ang diin).

Maituturing na katumbas ng *paratext* ng mga modernong aklat pambata o mga pantulong sa pag-unawa ng akda (Nikolajeva 86-87) ang mga ekstra-tekstuwal na impormasyong inilakip ni Rizal sa kaniyang mga salin na tipikal para sa mga akdang pambata na nagbibigay-daan sa meta-tekstuwal na pagbasa (O'Sullivan 93). Mula sa kaniyang paghahandog, komentaryo at mga paliwanag sa mga liham sa mga kapamilya, mas nagiging tiyak ang mga motibasyon at konteksto ng kaniyang pagsasalin. Nalilinaw ang *skopos* o layunin ni Rizal bilang tagasalin, ang mga layuning ito ang nagdidikta ng kaniyang mga desisyon sa pagsasalin (Vermeer 222).

Bakit pinili ang mga akda ni Andersen?

Sa panahon ng kaniyang pagsasalin, kilalang-kilala na bilang klasikong akdang pambata ang mga obra ni Hans Christian Andersen (1805-1875). Labing-isang taon na ang nakalipas mula nang pumanaw si Andersen at kahit noong nabubuhay pa, nakamit niya ang pagkilala ng Europa bilang napakahusay na manunulat pambata mula sa Denmark.

Kinikilala bilang "Ama ng Modernong Fairy Tale", sumulat si Andersen ng 210 kuwentong pambata na naisalin rin sa iba pang mga wika. Siya ang nagpasimuno ng pagsulat ng mga akdang pambata na makabuluhan din para sa mga nakatatanda. Ang kaniyang mga kuwento ay naglalaman ng mga pilosopiya, *satire,* kritisismong panlipunan at komedya para sa mga nakatatandang mambabasa. Mula noong nabubuhay pa, naisalin na sa maraming wika ang kaniyang mga akda at hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na muling isinasalin sa iba't ibang anyo at wika. Ipinangalan rin sa kaniya ang pinakamataas at prestihiyosong parangal sa larangan ng panitikang pambata sa mundo na *Gawad Hans Christian Andersen* (Windling).

Nagsisimula pa lamang ang kasaysayan ng panitikang pambata ng Denmark nang maglathala si Andersen ng kaniyang mga aklat. Namamayani noon ang mga kuwentong moralistiko at walang ibang hangad kundi magturo ng kabutihang asal. Samantala, sa kabila ng mga imaheng Kristiyano, ang mga kuwento ni Andersen ay tungkol sa daigdig, nagpapatawa, minsan makasarili at kadalasan ay tumutuon sa paniniwala sa tiyak na kapalaran sa halip na magturo ng tamang asal. At di tulad ng mga kuwento ng magkapatid na Grimm, ang mga tagpuan ng mga kuwento ni Andersen ay hindi nakatuon sa nakaraan kundi sa mga pamilyar at napapanahong mga tagpuan sa mismong Copenhagen. Nagsasanib din sa kaniyang mga akda ang mga pantastiko at

payak na mga paglalarawan at binigyan ng mahikal na katangian ang mga ordinaryong bagay gaya ng mga laruan. Ang wika ring ginamit ni Andersen ay rebolusyonaryo. Ang tuwiran at impormal na gamit ng wikang Danish ng kaniyang panahon ay maituturing na bulgar dahil higit na pinahahalagahan noon ang matatas at pormal na wikang pampanitikan sa pagsulat (Windling).

Si Andersen ay bunga ng kaniyang panahon, ng panahon ng Romantisismo, ng muling pagbuhay sa diwang imahinatibo (imaginative spirit) at ng pagyabong ng mga ideyang demokratiko. Isinasaad ito ng kaniyang pakikipag-usap sa bata sa bawat may gulang sa pamamagitan ng pagbabago ng perspektiba, sa pagbibigay-pagkakataon sa bata o laruan o hayop na ipahayag ang kaniyang sariling damdamin at tinig. Kapanalig siya ng mas malawak na *cultural decentralization* na unti-unting namamayani sa Europa at Amerika sa unang mga dekada ng ika-19 na dantaon. Sa Denmark, binigyang-tinig ni Blicher ang mga magsasakang Jutland sa kauna-unahang pagkakataon; sa Britanya, ang mga temang rural at mga imahen ng buhay ng mga magsasaka sa mga nobela ni Sir Walter Scott ang humubog sa nobelang Victorian; sa Amerika, iginuhit ni James Fenimore Cooper ang mga larawan ng buhay ng mga American Indian sa mga kaparangan. Biglang nagkaroon ng tinig ang mga api at mahihirap bilang mga katanggap-tanggap na paksa ng panitikan. Ang natatanging ambag nina Andersen at Dickens noong dekada 1830s at 1840s ay ang tuon sa mga bata, ang isa pang tradisyonal na pipi at inaaping grupo (Sipi ni Windling kay Wullschlager).

Sa mga teksto ni Andersen, masusing pumili si Rizal ng kaniyang mga isasalin na *fairy tale* para sa kaniyang mga pamangkin. Ipinahihiwatig ang pagbusising ito sa mga tiyak na pag-aalay at okasyon na kalakip ng mga akda. Para sa lahat ng mga pamangkin sa pasko ng panganganak ang akdang *Ang Punu ng Pino* (*The Fir Tree*, 1845) na tungkol sa talambuhay ng isang *fir tree* na ginagawang krismas tri sa Europa. Para naman sa mga pamangking babae ang kuwentong *Si Gahinlalaki* (*Little Tiny* o *Thumbelina*,1835), tampok ang pakikipagsapalaran at tagumpay ng maliit na babaeng naging prinsesa ng mga bulaklak. Ang akdang *Ang Sugu* (*The Angel,* 1844) ay inialay sa "kamatayan ng kapatid" na tungkol sa pagpanaw ng mga bata. Ang akdang *Ang Batang Babaing Mai Dalang Sakafuego* (*The Little Match-seller,* 1846) ay para "Sa nunung-babai ng mga pamangkin: sa aking ina". Tiyak na pinili ang akda para kay Donya Teodora bilang pagpupugay sa kaniya. Nag-iisang walang anotasyon ng tiyak

na pag-aalay ang akdang *Ang Pangit na Sisiu ng Pato* (*The Ugly Duckling,* 1844) kaya't para ito sa lahat ng pamangkin na inalayan ng buong akda. Ayon sa mga tala ng buhay ni Andersen, ang akdang ito ang tinuturing din ng manunulat na sariling talambuhay (Windling) bilang isang taong nagsimula sa wala, naghirap nang lubos upang patunayan ang sarili at sa huli ay nagbagong-anyo bilang mahusay na manunulat at alagad ng sining. Sa gayon, makikilala sa akdang ito ang mismong manunulat kaya't mahalagang isama ito sa kaniyang pagsasalin. Sa kabilang banda, mababanaag din sa akda ang diwa ng pag-asa para sa sinomang inaapi dahil sa kaanyuan gaya ng mga Indio na minamaliit ng mga Kastila sa panahon ni Rizal.

Kaugnay rin nito, mahalagang maihanay ang mga tema at katangian ng bawat kuwento upang mailatag ang pagtingin ni Rizal sa "kalugod-lugod" na kuwento at sa kaniyang konsepto ng panitikang pambata na nais ipakilala sa mga Pilipino.

Tungkol sa talambuhay ng isang *Fir Tree* na hindi nagpapahalaga sa kaniyang sarili at sa kaniyang kapaligiran ang kuwentong *Ang Punu ng Pino*. Nasayang ang panahon sa paghahangad na lumaki at magawa ang mga bagay na wala sa kaniya. Naging bida siya bilang krismas tri sa isang tahanan isang pasko ngunit kinaligtaan ng tao hanggang sa tumanda at gawing panggatong. Buong buhay niya, walang inatupag ang puno ng pino kundi magmaktol sa mga bagay na wala pa sa kaniya. "Para sa pasko ng panganganak", ang dedikasyon ng kuwentong ito na nagpapakilala rin ng konsepto ng pagdiriwang ng pasko sa Alemanya na kinatatampukan ng papasaya at pagkukuwento para sa mga bata. Ayon kay Ambeth Ocampo ("The First Christmas Tree"), ang akdang ito kasama ng liham ni Rizal sa kapatid na Saturnina ay nagpapatunay na ipinakilala ni Rizal ang unang krismas tri sa Pilipinas. Sa sulat sa kapatid na si Saturnina at kaniyang asawang si Manuel Hidalgo noong Nobyembre 1886, ibinahagi ni Rizal ang kaniyang mga obserbasyon sa pagdiriwang ng pasko sa Alemanya at ang pagkakaiba nito sa Espanya.

> *There are some beautiful and good [German] customs, like Christmas, which gives me pleasure to describe here for it is not found in Spain and you have not read about it in Spanish books. On Christmas Eve they bring from the forest a pine tree, and this tree is chosen because, besides being erect, it is the only tree that keeps its leaves during winter—I say it badly; not really leaves, but a kind of needle. It is decorated with tinsel, paper, lights, dolls, candy, fruits, dainties, etc., and at night time, it is shown to the*

children (who should see the preparation of it), and around this tree the family celebrates Christmas. (Ocampo, A. "The First Christmas Tree")

Iginuhit ni Rizal ang mismong krismas tri sa kaniyang salin upang maging malinaw ang pagpapakilala ng krismas tri bilang isang regalo para sa mga batang Aleman at siyang sentro ng pagdiriwang ng pasko ng bawat pamilya. Bukod sa kaniyang pagkatuwa sa tradisyong ito, ang pagpili sa akda para sa kaniyang pagsasalin ay naglilinaw rin ng kaniyang skopos o layunin bilang tagasalin, ang ipakilala ang ibang tradisyong pamasko liban sa nakagawian at ipinalalaganap ng mga Espanyol.

Sa kaniyang paghahambing sa kostumbreng Aleman at Espanyol, tinutuligsa niya ang huli sa kawalan ng pagpapahalaga sa pagtataguyod ng kasiyahan ng mga bata.

The only custom I have seen in Madrid, which perhaps we have adopted, is eat a fish called besugo and roast turkey, which shows that the Spaniards do not indulge in poems for children and young people, or as the vulgar expression goes, they do not beat around the bush. They attend more to the positive, or the stomach. And Carambas! ***they would say; let us amuse ourselves and let children and young people seek their own amusement as best they can. They do seek their own diversion, with the result that the children and young people in Spain lack the charming innocence and candor of those in the North [of Europe], without malice, without great preoccupations****. A good young woman can walk alone in the streets until 10 or 11 o'clock at night without being molested. A pretty girl, educated and rich, can travel safely for leagues and leagues alone with her handbag and luggage.* ***This is because here [in Germany] they know how to give age its due, unlike in other countries where children are not allowed to be themselves, to make noise or to play. Instead, they are made to recite the rosary and novena until the poor youngsters become very sleepy and understand nothing of what is going on. Consequently, when they reach the age of reason, they pray just as they have prayed when they were children without understanding what they are saying; they fall asleep and think of nonsense. Nothing can destroy a thing more than the abuse of it, and praying can also be abused.*** (*Akin ang diin*, Ocampo, A. "The First Christmas Tree")

Inilarawan ni Rizal ang kawalan ng pagpapahalaga ng mga Espanyol sa mga bata na nagiging dahilan din ng pagkahuli ng mga ito sa kamalayan ng iba pang bata sa Europa. Partikular niyang tinuligsa ang kawalang pagpapahalaga sa panitikan di tulad ng mga Danish na pinagkakaabalahan ang paghahanda

ng krismas tri bilang sorpresang regalo sa mga bata sa pasko at ang kasunod nito ay ang pagkukuwento sa kanilang mga kapanapanabik na mga istorya gaya ng *Klumpe Dumpe* o *Humpty Dumpty* na ibinida ni Andersen sa kaniyang akda. Para kay Rizal, hindi hinahayaan ang mga bata na maghanap ng kanilang sariling kasiyahan gaya ng gawain ng mga Espanyol. Pinahahalagahan niya ang maagang pagmumulat ng panitikan para sa mga bata bilang mahalagang salik sa paglaki ng mga mamamayang may malayang pag-iisip at may paggalang sa iba gaya ng mga Aleman. Isa pang pasaring ay ang paghahambing rin sa pagpapalaki sa mga batang Aleman at sa Pilipinas o "ibang bayan". Sa Alemanya, ang mga babae'y malayang nakapaglalakbay mag-isa nang hindi nanganganib dahil marunong gumalang sa edad ang mga Aleman. Hinahayaan nilang maglaro, mag-ingay at maging totoo sa sarili ang mga bata na nagdudulot sa kanila ng mainam na paglaki. Subalit sa ibang bayan, pinipilit na manalangin ang mga bata kahit hindi nila ito nauunawaan hanggang sa sila'y lumaki nang nananalangin na hindi nauunawaan ang kanilang ginagawa. Ang panunuligsang ito ay nagpapatunay ng ideolohiyang bitbit ng mga salin ni Rizal. Kung sa mismong teksto ay tuwirang ipinaalam sa kaniyang mga pamangkin ang kaniyang hangarin na maipakilala ang mahuhusay na akda ng Europa, sa kalakip na liham naman ay inilahad niya ang kaniyang hangaring magbigay ng ibang pananaw tungkol sa konsepto ng edad at pagpapalaki sa mga bata.

Nagsisimula sa pagpapalaki sa mga bata ang kamalayang humuhubog sa lipunan at masasabing integral sa proyekto ni Rizal ang pagsasalin ng mga akda ni Andersen bilang mga halimbawang akdang nagtatampok sa sensibilidad na pambata na may paggalang sa kanilang natatanging yugto ng buhay. Mahalaga ang mga saling ito bilang kauna-unahang salin na taliwas sa diskursong relihiyoso at moralistiko.

Matatandaan na sa kalipunan ng mga salin sa panahong iyon, ang iilang saling pambata ay nagtataguyod ng umiiral na pagturing sa mga bata bilang pangunahing tagasunod sa doktrinang Katoliko at kabutihang asal.

Sa pamamagitan ng "Puno ng Pino" naibahagi ni Rizal ang kultura ng pagkabatang nagpapahalaga sa kanilang kasiyahan at gumagalang sa kanilang pangangailangan lalo na sa araw ng pasko.

Pagsasalin ng sariling pagkabata

Isang paraan din ng pagpupugay sa kaniyang pamilya ang tiyak na paghahandog ng mga salin. Pag-aalala sa kamatayan ng kapatid ang akdang "Ang Sugu". Kaugnay ito ng pagkamatay ng kapatid na si Concepcion o Concha na nagdulot ng labis na kalungkutan sa kanilang pamilya. Apat na taon si Rizal nang mamatay sa sakit si Concha na noo'y tatlong taon pa lamang. Nagdulot ito ng matinding kalungkutan sa kaniya (Craig 23), na maaaring hindi nagmaliw hanggang sa kaniyang paglaki. Ang malikhaing salaysay ni Andersen tungkol sa transpormasyon ng lahat ng batang namatay bilang anghel ay nakapagbibigay ng positibong pananaw sa kamatayan. Itinanghal ng akda ang pagbabanyuhay ng bata sa mas mataas na estado ng pagka-anghel sa pamamagitan ng kamatayan. Kung kaya, ang pagpili ni Rizal na isalin ang akdang ito ay isang paraan upang ipaliwanag sa sarili, sa mga kapatid at sa mga pamangkin kung bakit maaagang yumao ang kaniyang kapatid. Isa itong paraan upang umugnay siya sa kaniyang sariling pagkabata.

> *Translators of children's literature are readers who bring dimensions from childhood to their reading experiences. Although usually adults, they do not just translate as adults. Every grown-up is a former child who one way or the other carries a child within. When translating for children, translators are holding a discussion with all children: the history of childhood, the child of their time, the former and present child within themselves—the adults' childhood and how they remember it* (Oittinen 26).

Pagpupugay sa kaniyang inang si Donya Teodora Alonzo ang kuwentong *Ang Batang Babaing Mai Dalang Sakafuego.* Sa panahon ng pagsasalin, ang kaniyang ina ay isa nang lola na kumakalinga sa mga apo. Sa kuwento, miserable ang kalagayan ng batang tindera ng posporo at ang imahen ng kaniyang yumaong lolang nakangiti ang tanging kasiyahang kaniyang kinapitan sa bawat pagsindi ng palito ng posporo sa gitna ng taglamig. Sinamo niya ang kaniyang lola na isama na siya sa kinaroonan nito upang makaalis sa kaniyang sariling paghihirap, at ito nga ang nangyari sa kuwento. Sa isang banda ang pag-aalay na ito ay nagpapakita ng labis na pagpapahalaga ni Rizal sa kaniyang ina bilang siya ring una niyang guro at nagkuwento sa kaniya ng mga kuwentong pambatang humubog sa kaniyang pagkatao gaya ng epekto sa kaniya ng kuwento ng batang gamu-gamong naakit sa apoy:

"My mother repeated her warning, but how curious, the light seemed to me more beautiful, the flame more attractive. I envied the fate of the insects. They frolicked so joyously in the enchanting splendor that their falling into the oil-lamp didn't cause any dread to me. The flame now rolled its golden tongue and caught a moth that fluttered and was still. That seemed to me a great event. It stirred my emotion. My mother's voice sounded strange and uncanny. I did not notice it when the fable ended. My attention was fixed on the moth. I watched with my whole soul. It had died a martyr to his dream… How many years have elapsed since then; the child has become a man who has crossed the seas and all the oceans. From experience he has received bitter lessons-oh, infinitely more bitter than the sweet lesson his mother gave him! Nevertheless, he preserves the heart of a child; he believes the light is the most beautiful thing there is and worthy enough for a man to sacrifice his life for it" (sipi mula sa *Memorias* ni Salanga 8).

Sa pamamagitan ng pabula, ang puso ng batang si Rizal ay nagkaroon ng maalab na pagkamangha sa liwanag at ang pusong ito ay nanatiling pambata kaya lumilikha siya ng akda para sa mga bata bilang pagkilala at pagpapahalaga sa mayamang imahinasyong nahubog sa kaniya sa pagbusog sa kaniyang isipan ng mga kuwento mula sa kaniyang ina at tagapag-alaga (Salanga 8-9). Patunay rin ang akda sa pagtingin ni Rizal sa panitikang pambata bilang isang panitikang pampamilya. Bukod sa kaniyang ina, inalay niya rin ang buong salin sa kaniyang amang si Don Francisco Mercado na nasa unang dahon ng mga salin:

Sa mahal kong Ama.
at sia (Joseph) bumati sa kanila ng payapa at nagwika,
payapa (ba?) sa iniong ama na matatanda na iniong sinabi?
Nagkakamit pa rin ng buhai?
Genesis Capitulo 43, Versiculo 27

May kalakip na salin sa Arabik ang pagbati at alay sa kaniyang ama na minsang nagbiro na tila Hebreo ang dating sa kaniya ng wikang Aleman. Tumutukoy ang berso sa pangungumusta ni Jose sa kaniyang amang si Jacob sa mga kapatid na hindi nakakikilala sa kaniya. Sa pamamagitan ng akdang ito, iniuugnay niya ang kaniyang sarili kay Jose (Joseph the dreamer) na nakipagsapalaran sa ibang bayan at laging inaalala ng mga tumatanda

nang magulang (Ocampo, N. 136-137). Bilang regalong pampamilya ang kalipunan ng salin ay masinop na pinili upang itaguyod ang isang uri ng pagkabatang produkto ng taimtim na pagkalinga kung kaya ang tema ng mga akdang "Si Gahinlalaki" at "Ang Pangit na Sisiu ng Pato" ay kapwa nagbibigay ng pag-asa sa kabila ng labis na paghihirap at diskriminasyon.

Ang kamalayang pangkasarian ay maaaring talakayin ng saling pambata batay sa pagpili ni Rizal ng akdang "Si Gahinlalaki". Alay sa mga pamangking babae, ang kuwento ni Gahinlalaki na batang babaeng kasinlaki ng hinlalaki, ubod ng ganda, mabait, at magaling umawit. Sa kaniyang paglaki, marami siyang mga paghihirap na binaka hanggang sa matagpuan niya ang kaniyang prinsipe at maging prinsesa siya ng mga bulaklak. Lumaki si Rizal sa piling ng siyam na kapatid na babae, ng kaniyang ina at mga tagapangalaga. Mataas ang kaniyang pagpapahalaga sa mga kababaihan at ang mga akdang pambatang tumatalakay sa pagtatagumpay ng isang babae sa kabila ng mga pagsubok at panganib ay isang mahalagang kuwentong kaniyang isinalin. Kung babalikan ang kaniyang liham kay Saturnina, inuugat ni Rizal ang kawalang pagpapahalaga ng mga Espanyol sa mga kababaihan sa uri ng pagkabatang kanilang kinalakihan. Dahil sa hindi pinalaking malayang magpahayag ng sarili at pinagkait ang kasiyahan ng pagkabata, hindi maganda ang trato sa mga kababaihan sa Espanya. Hanggang sa huling yugto ng ika-19 na dantaon, 70% ng mga kababaihang Espanyol ay hindi pa marunong magbasa at magsulat at tinuturing na pambahay lamang ("Spanish Women's History in the 20th Century"). Ang pagpili sa *Gahinlalaki* ay pagkilala sa pangangailangang lumaki nang may tapang at maghangad ng sariling ikabubuti ang mga pamangking babae. Ang akdang ito katulad ng *Ang Batang Babaing Mai Dalang Sakafuego* ay mga pagkilala sa mga kababaihan na mauulit rin sa pagsulat ni Rizal ng liham sa mga kababaihan ng Malolos (1888) tungkol sa kanilang pagsisikap na magtayo ng paaralan ng wikang Kastila (Ocampo N, 521-529).

Tampok naman ang pakikipagsapalaran ng isang pangit na bibe na naging magandang sisne sa akdang *Ang Pangit na Sisiu ng Pato*. Inalipusta, nilibak at tinaboy siya ng kaniyang komunidad dahil sa kaniyang anyo. Isang araw, hindi niya naalintana na nagbanyuhay siya bilang isang magandang sisne na hahangaan ng marami pati na ng mga bata. Kung babalikan naman ang kasaysayan ng akda, ayon kay Andersen, ito ang kaniyang talambuhay

(Windling) na sa simula'y batbat ng paghihirap tulad ng pangit na bibe na hindi matanggap sa mundo ng mga pato. Sa kaniyang paglinang sa sarili, mula edad na 33 taon, makikilala si Andersen bilang mahusay na manunulat pambata at pinagpupugayan rin ng mga nakatataas sa lipunan at makakamit ang pagbabanyuhay gaya ng magandang sisne.

Sa konteksto ng salin ni Rizal, masasabing simbolikal ang kuwento ng *Ang Pangit na Sisiu ng Pato* kaugnay ng kaniyang proyekto ng paggigiit ng taglay na sibilisasyon at kultura at ng pagtitiwala sa pantay na kakayahan at karapatan ng mga Pilipino na lampas sa kategorya ng mga lahi. Ang mga Indio ay may angking ganda sa kabila ng matagal na paniniwalang ang kanilang anyo at pag-iisip ay mababa at pangit kung ihahambing sa mga Kastila. Subalit kung babalikan ang kanilang kasaysayan, ang kanilang lahi ay may sariling kakayahan at angking kagandahan na matatagpuan rin sa mga pasalitang panitikan. Samakatwid, ang akdang ito ay isang malikhaing pagpapabatid ng pagtingin sa tunay na pagkatao at pagkilala sa sariling kakayahan.

Pagsusulit-wika sa pagsasalin

Ang pagsasalin ay isang pagsusulit-wika. Hinahamon ng pagsasalin ang paggamit ng wika bunga ng interaksiyon sa banyagang kaisipan. Hinihingi ng pagsasalin ang kasanayan sa paggamit ng dalawang antas ng wika—ang paghahanap ng mga orihinal na salita at ang paghahanap ng mga katumbas na karanasang dulot ng pinagmulang wika (Lumbera "Si Bitoy" 59).

Pribadong pag-aari ng pamilyang Rizal ang manuskrito ng salin ng mga kuwento ni Andersen. Taong 1944 nang una itong inilimbag sa pamamagitan ng Kawanihan ng Palimbagan. Inedit ito ni Antonia Villanueva at inilimbag nang walang pagbabago sa manuskrito. Inilimbag rin ang mga kalakip na ilustrasyon ni Rizal sa unang tatlong kuwento (*Ang Puno ng Pino*, *Si Gahinlalaki,* at *Ang Pangit na Sisiu ng Pato*) habang ipinaguhit na sa hindi binanggit na ilustrador ang ilustrasyon para sa huling dalawang kuwento.

Batay sa liham ni Rizal kay Paciano noong 1886, kaugnay ng salin ng *Guillermo Tell*, higit niyang kinikilingan ang tuwirang pagsasalin mula sa dayuhang wika at ang pagiging matapat sa nilalaman at diwa ng pinagmulang teksto. Kung kaya sa pangkalahatang paghahambing ng salin ni Rizal sa harap

ng teksto ni Andersen, sinikap niyang maging matapat sa pagsasalin (Salanga 24-25).

Sa kabilang banda, kahit gaano pa kasidhi ang pagnanais ng tagasalin na dumikit sa pinagmulang teksto ang kaniyang salin, mas madalas itong hindi matutupad dahil sa likas na pagkakaiba-iba ng mga wika, ng konteksto ng pag-akda ng orihinal at salin, ng kanilang mga panahon, at uri ng mambabasa. Mahalagang maisiwalat ang katangian ng wika ng salin upang higit na maunawaan ang diwang pinagkakawing-kawing ng tagasalin sa kaniyang akda.

Sa bersiyon ng mga salin na inilathala noong 1944, nagtala si Antonia Villanueva ng ilang obserbasyon sa wika ng pagsasalin ni Rizal (*Limang Kuwento* 11-13). Sa pagtatalang ito makikita ang pagsasapraktika ng ilang mga panukala ng bayani sa ortograpiyang Tagalog.

1. Hindi na paggamit ng C sa halip ay K
   Dahil may katumbas na tunog na ang titik C sa wikang Tagalog. Nagdudulot lamang ito ng kalituhan.
2. Pagtutuldik
   a. pahilis para sa mga salitang malumay: *buku, sinisikatan, tauagin, tapis, nakalimutan, dapat*
   b. pakupya para sa mga salitang malumi: *pusu, punu, pusu, luha, manariua, sugu, wika, binali, bata*
3. Pagkukudlit
   a. sa mga salitang may titik na iniwan- *doo'i, aba't, anaki'i, sila'i, ito'i, anaki'i*
   b. mga pandiwang di karaniwang may kaltas-*hal'kan, dal'hin, pinagmas'dan, pinagkalak'ham, big'yan*
4. Paggamit ng *pam* ayon sa kasalukuyang gamit gaya ng bambang at pampang.
5. Paglalagay ng gitling sa mga salitang umuulit at tambalan gaya ng *sunud-sunud, isip-isip, kahapis-hapis, kaaua-aua, anak-anakan dugung-kastila, damit-kasal,*
6. Pagkakaltas ng *i* sa mga salitang *yo, yon, yan* sa halip na *iyo, iyon, iyan* dahil sa aktuwal na gamit sa pasalitang anyo.
7. Hindi pa rin ginamit ang mga titik w at y para sa hulihang mga tunog. Sa halip ang mga patinig na u at i ang ginagamit gaya ng sumusunod:

- *u* : ikau, arau, tua, dalaua
- *i:* bahai, palai, lagai, patai,

8. Paggamit ng u sa halip na o:
   - *u*-kaputul, punu, umupu, ulu, ngusu, yumuku,
9. Pagkawala ng tunog na *g* sa mga salita gaya ng: pamankin, tankai, malunkut, kankong, tunkud
10. Dalawang baybay para sa iisang salita: angel/anhel, arao/arau, ibabao/ibabau, tagarao/tagarau, nakatayu/nakatayo, naninilao/naninilau

Mahalaga ang nailatag na mga obserbasyon ni Villanueva sa pagsasalin ni Rizal dahil isinisiwalat nito ang ilang mga prinsipyo ni Rizal sa paglinang ng Tagalog. Matatandaang kalakip ng kaniyang liham tungkol sa pagsasalin sa Guillermo Tell ang kaniyang pagsasabi kay Paciano na mayroon siyang mga mungkahi sa paglinang ng Tagalog na nakakiling sa katutubong gamit at makikita nga ito sa naitala lalo na sa bilang 1, 2 at 8. Sa pagtuon ni Rizal sa katangian ng kaniyang target na mambabasa pinili niyang linawin ang pagkukudlit at paglalagay ng gitling na makikita sa bilang 3 at 5. Samantala, kolokyal na wika naman ang naging batayan ng pagpili sa pagbaybay ng mga salitang pinaikli sa bilang 6. Habang maipaliliwanag naman ng patuloy na impluwensya ng baybay-Espanyol ang mga obserbasyon sa bilang 7, 9 at 10. Ang lahat ng ito ay patunay na nahahamon ang target na wika ng pagsasalin at sa yugtong ito ng ating kasaysayan, patunay ang mga desisyon ni Rizal bilang tagasalin ng papel ng tagasalin hindi lamang bilang tagapagtawid ng akda ngunit tagapag-ambag rin sa paglinang ng tunguhang wika. Katibayan din ito na ang estado ng tunguhang wika bilang wikang daluyan ng samu't saring kaalaman ay higit na nahahamon kapag kinakailangang magamit para magpahayag ng banyagang ideya o panitikan. Sa antas pa lamang ng salita , malinaw ang kabuluhan ng pagsasalin sa pagsisiwalat ng natatanging katangian ng wikang Tagalog batay sa panahon at intensiyon ng tagasalin.

Nakapagtala rin si Villanueva ng 69 na mga di-tahas na pahayag sa salin ni Rizal. Ayon sa kaniya, kung ihahambing sa Ingles, maligoy ang salin ni Rizal sa Tagalog dahil na rin sa "ito ang mga natatanging paraan ng pananalitang gagamitin ng mga tagalog sa ganoong pangyayari" (*Limang Kuwento* 12-13).

Narito ang mga tala niVillanueva tungkol sa mga parirala at pangungusap na hindi tahasang isinalin ni Rizal (*Limang Kuwento* 13-17):

The Pine Tree [sic The Fir Tree)	*Ang punû ng pino*
1. The pine did not at all like this	1. Ytoi di matiis pakingan ng kahoi.
2. That is the only thing worth living for in this world	2. Yon lamang ang tunai na karikitan dito sa lupà!
3. The swallows did not know anything.	3. Ualang masabi ang mga layang-layang.
4. Well, that is too long a story to tell.	4. Sia nga, yai di madaling paliuanagan!
5. Where are they being taken to?	5. Saan sila mangangariton?
6. Ah! They are going to the greatest glory and splendor one can think of.	6. O! sila'i nagkakamit ng malaking kariktan at karangalan na di maabut maisip.
7. Well, we haven't seen anything else. It was really wonderful.	7. Sia nga, iba sa dian ai uala na kaming nakita. Yao'i marikit na hindi matumbasan!
8. I wonder if I came to existence to have such a glorious career?	8. Nalalaan baga kaya ako naman magdaan dito sa makinang na landas?
9. How painful this longing is!	9. Anong pagkalunkut ko sa pag-aantai
10. Rejoice is your fresh youth in the open	10. Ykaligaya mo ang mura mong kabataan sa gitna ng gubat.
11. Tonight it will look glorious!	11. Ngaiong gabi sia magliliuanag.
12. Goodness gracious!	12. Yadya tayo ng Dios!
13. It was so afraid of losing any of its finery that it was beside itself in all its splendor.	13. Nakalulumbai sa kania ang pagkasira nang alinman niang hias, siai nabubulagana sa lahat ng kaniang dilag.
14. About Lumpy-Dumpy (Humpty Dumpty sic) who fell down the stairs, but after all came on the throne and married the princess.	14. Ang kai Klume-Dumpe ay nahulug sa hagdanan nguni at pinarangal at tumangap ng isang Princesa.
15. How thoughtful!	15. Anong galing ng kanilang isipan.
16. If it were only not so dark here and so terribly lonely.	16. Kung hindi sana lamang dito madilim at katakut-takut na ilang!
17. How happy you must have been!	17. Anong palad ang naging yo!
18. A story.	18. Isang salita.
19. Now I shall enjoy life.	19. Ngaion ako mabubuhai.
20. Its all over.	20. Lipas na, lipas na!
21. And so the tree was turned to ashes.	21. At saka natipug ang kahui.
22. Lumpy-Dumpy the only story it had heard and knew how to tell.	22. Si Klumpe-Dumpe ang kaisa-isang salita na kaniang napakingan at natunugan salitain.

Tommelisa	*Gahinlalaki*
1. I do so very much want a little child!	1. Mamatamisin ko sana sa pusu ang isang anak-anakan.
2. A quarter.	2. Sikolo.
3. In the middle of the flower on the green chair.	3. Sa gitna ng bulaklak, sa ibabau ng ubud.
4. She was an inch tall.	4. Sia'i di malapad at di mahaba sa isang hinlalaki.
5. For her cradle she had a beautifully varnished walnut shell.	5. Ysang marikit at binuling balat ng niog niogan ang ibinigai sa kaniang tulugan.
6. She would make a lovely wife to my son.	6. Maging asaua sana ng aking anak itong magandang babai!
7. Decorated her room with sedges and yellow water lilies.	7. Linilinis ang kaniang bahay ng balangut at dahon ng kankong.
8. That looks awful	8. Anong salantang ayus.
9. For he was a slow man.	9. Sapagka't sia'y isang mapagnilai-nilai na tao.
10. Good-by, you pretty little bird.	10. Samahan ka naua ng Dios, maganda at maliit na ibon.
11. Only an inch in height.	11. Gagadaliri lamang kalaki.
12. No, I can't do it.	12. Hindi, hindi ako makasasama.
13. The corn which was sown in the field.	13. Ang palai na nakatanim sa bukid.
14. Tiresome mole.	14. Nakaantok na magdudukal ng lupa.
15. She was not.	15. Di nia malunuk.
16. You couldn't ask for a better husband.	16. Ka gandang lalaki ng magiging asaua mo!
17. Farewell you bright sun!	17. Paalam, samahan ka naua ng Dios, ikau maliuanag na arau!
18. Yes, I will come with you!	18. Totoo nga, sasama nga ako sa yo!
19. Heavens! How beautiful he is!	19. Sanctus Deus anong ganda!
20. The little prince was very frightened.	20. Kinagulatang totoo ng maliit na principe.

The Ugly Duckling	Ang pangit na sisiu ng pato
1. *The corn was yellow.*	1. Ang trigo ai naninilao.
2. Green is good for the eyes.	2. Ang kulai mura ay mabuti sa mata.
3. I hope you are all here now.	3. Tipon ba kayo?
4. The wretch.	4. Ang hampas lupa.

5. Even if I have to kick it myself.	5. Mapilitan man akong sia'i itulak.
6. Great world.	6. Marangal na bahai.
7. Duck yard.	7. Palacio ng mga itik.
8. The cat got it after all.	8. Nahulug sa kuku ng pusa.
9. Red rag.	9. Mapulang tauing.
10. I wish she could make it over again.	10. Pahintulutan akong magnasa na inio siang mabago.
11. Made fun of by the whole yard.	11. Pinaglilibakan ng tanang kaitikan.
12. You awful sight.	12. Ikau pangit na kulugu.
13. New companion.	13. Bagong abai.
14. You're so ugly that I like you.	14. Ikau ai napakapangit na sukat naming mabata
15. Farmhouse	15. Kubu
16. I think.	16. Sapantaha ko.
17. The leaves in the forest turned yellow and brown.	17. Nanilau at nangitim ang mga dahon sa gubat.
18. Bread and corn	18. Tinapai at trigo
19. Clapped their hands.	19. Nagpasaltak nga sila ng mga daliri.

The Little Match Girl	*Ang batang babaing mai dalang sakafuego*
1. *It was late on a bitterly cold, snowy, New Year's Eve.*	1. Niao't katakut-takut na ginau; nalalaglag ang busilak at nagdidilim ang gabi.
2. Red and blue with cold.	2. Namumula at nangingitim sa ginau.
3. Package.	3. Bigkis.
4. Penny	4. Lapad
5. The poor little creature was hungry and perishing with cold and she looked the picture of misery.	5. Gutum at nanglalamig sia nagpapatakbu-takbu at namamaluktut ang abang maliit.
6. The snowflakes fell upon her long yellow hair, which curled so pretty round her face, but she paid no attention to that.	6. Nagtauing sa madilao niang buhuk ang mga bulak ng busilak na magandang lumilibot sa kaniang liig, datapua at ang kagandahan ai di sumasaisip sa kania.
7. The light fell upon the wall, it became transparent and so she could see right through it into the room.	7. At ang pader na maabot ng kaniang liuanag ai lumianao na parang damit ng piña.

8. She saw her quite clearly and distinctly, looking so gentle and happy.	8. Sa gitna nitong liuanag ai nakatayo ang matanda niang lelang, mabait at punu ng pagibig.

Ang naitalang mga idyomatikong pahayag mula sa mga salin ni Rizal ay itinuring ni Antonia Villanueva na mahirap intindihin at maligoy para sa mga mambabasa sa dekada 1940. . Sa kabilang banda, kung lilimiin naman ang pagpili ni Rizal sa pagiging idyomatiko sa halip na payak ng kaniyang salin, ipinahihiwatig nito ang kaniyang paniniwala sa talino at kakayahang pangwika ng kaniyang mga pamangkin na tulad ng iba pa mang bata sa bansa sa kaniyang panahon ay higit na babad sa kanilang inang wika. Hindi rin pinaikli ni Rizal ang naratibo ng mga kuwento, halos tapat niyang tinumbasan ang banghay ng orihinal. Bukod pa dito, pinahalagahan niya ang tulong ng mga larawan para sa higit na pag-unawa ng mga bata. Gumuhit siya ng higit 10 larawan sa unang tatlong kuwento na nagbibigay-diin sa mga eksena.

May mga pagkakataong sa mismong antas ng salita ay hindi literal ang pagsasalin, sa halip semantikal ang pagtutumbas gaya ng mga sumusunod (Ocampo, N. 143):

cake- bibinka
trigo- palai
fire place- apuyang apoy
spring- tagbulaklak
walnut- niog-niogan
wild flowers- bulaklak parang

Makikita rin ang impluwensyang Kastila sa maraming mga terminong inilangkap ni Rizal sa kaniyang salin gaya ng sumusunod:

alfombra, confites, manzanas, azul, liebre, jamon, cajon, cebada, maseta, violeta, cisne, loto, nenufar, menta, mirto, ciguenas, egipcio, palacio, jilguenos, lila, avo, voces, terciopelo, topo, uvas

Isa pang matingkad na katangian ng paggamit ng wika ay ang katangian ng Tagalog-Laguna sa ilang mga salita dahil ito ang Inang wika ni Rizal. Tingnan ang ilang halimbawa sa paglalapi at pagpili ng salita:

1. Sasalitain ko sa 'yo habang tayo'i **nalipad!** (lumilipad)
2. … iba't iba'y **nalapit** (lumapit)
3. … **nagbangon** nga siya (bumangon siya)
4. Marahil siya ang **nagauit** sa aking marikit na tagarau (umawit)
5. Tuing umaga pagsikat ng arau, at tuing hapon paglubug **nagaalpas** sia at **nálabas** sa pinto (umaalpas/ lumalabas)
6. **kakaunin** si Gahinlalaki (susunduin)

Sa kabilang banda, sa masusing pagbasa ng salin makikita ang adaptasyon para sa kulturang Filipino na kinilingan ni Rizal sa kaniyang pagsasalin. Ang binanggit na awit na "Lady-bird, lady bird fly away home" sa kuwentong *Gahinlalaki* ay tinumbasan niya ng dalawang awitin sa Tagalog, "Lipad, salagubang" at "Maglakad ang kura sa bukid", na maaaring mga tunay na awiting pambata sa Calamba o alusyon sa karaniwang mga bagay na makikita sa bukid ng bata gaya ng salagubang at ng kura na dumadaan upang magmasid sa pagtatanim.

Natatangi rin ang paggamit ng adaptasyon para sa mga pahayag ng paghahabilin, pasasalamat, pamamaalam, pagkamangha, maging pagkaawa sa sarili. Narito ang ilang mga halimbawa sa *Gahinlalaki* at sa *Pangit na Sisiu ng Pato*:

Bersiyong Ingles	Salin ni Rizal
I am thankful that none of my children will ever be birds	**Salamat sa Dios** at di magiging ibon ang alin man sa aking mga anak
Farewell, you pretty little bird", said she, "farewell; thank you for your delightful singing during the summer…	"**Samahan ka naua ng Dios**, maganda't maliit na ibon!" ang sabi niya. "Samahan ka naua ng Dios at salamat sa yong maririkit na auit ng tagarao…
"***You ought to be very thankful for such good fortune.***"	"**Ypagpasalamat mo siya sa Dios"**
"**Farewell** bright sun"	***Paalam, samahan ka naua ng Dios***, ikau maliuanag na arau!

Oh, how beautiful he is!	***Sanctus Deus***, anong ganda!
Oh, sighed the duckling, "how thankful I am for being ugly, even a dog will not bite me"	"**O salamat sa Diyos**" ang idinaing ng bibi, "ako'i totoong napakapangit na ang aso ma'i di makakagat sa akin"
"Don't imagine such nonsense, child, and ***thank your good fortune*** that you have been received here."	Huag kang magpalalo, bata, at ***pasalamatan mo ang mahal mong Maikapal dahil sa lahat ng biaya na sa yo ai ibinigai.***

Malinaw ang adaptasyon sa mga nabanggit na halimbawa dahil mahihiwatigan na ang himagsik sa wika ay hindi lamang sa paggigiit sa tamang pagbabaybay kundi sa pagpapanatili ng katutubong ispiritwalidad na kumikilala sa Diyos at Maykapal sa lahat ng oras.

Ang proseso ng pagsasalin ni Rizal bilang pagsusulit-wika ay nailahad na rin sa panunuri sa salin ng *Guillermo Tell* ni Schiller noong 1886. Nahahati ito sa tatlong yugto. Ang unang yugto ay ang panloob o intralingguwistikong pagmumuni sa pinagmulang wika kung saan nakatuon ang tagasalin sa pag-unawa ng mga pahayag at hindi lamang sa mga salita ng teksto. Nangangailangan ito ng matalik na kaalaman sa pinagmulang wika na halos gaya ng Inang Wika na maaaring makamit sa mismong proseso ng pagsasalin. Ang ikalawang yugto naman ay ang interlingguwistikang ugnayan sa pagitan ng pinagmulang wika at tunguhang wika kung saan hinahanap ng tagasalin ang mga "katapat na pahayag" sa pamamagitan ng masusi at mapanubok na paghahanay ng mga katangian ng mga wika upang makahanap ng angkop na pahayag sa tunguhang wika. Panghuli, isinasagawa ng tagasalin ang intralingguwistikong pagsusuri sa loob ng tunguhang wika sa proseso ng pagtanggap, pagpapaloob at pagsasakatutubo ng tekstong isinalin (Guillermo *Translation and Revolution* 11-15).

Sa proseso, "nasisiyasat at nasusubok ang mga hangganan ng wikang pagsasalinan upang matuklasan ang kakayahan ng wikang maglaman ng konseptong dayuhan. Natutuklasan nang madali kung alin sa mga konseptong bago at dayuhan ang akma sa diwang Pilipino, at alin ang asiwa o tahasang walang-wala". Kung ang paghuhulog ay madaling naiaangkop sa hulwaran ng wikang Filipino, nagpapakita ito ng malapit na ugnayan ng mga kultura at kung mahirap ang paghuhulog, hindi ito kahinaan ng tunguhang wika.

Tanda lamang ito na malayo ang ugnayang kultural ng mga wikang isinasalin (Tinio "Pilipino", 6). Kung kaya, walang nasasayang sa pagsasalin. Taliwas sa Italyanong nosyon na "traduttore, traditore", hindi ito pagtataksil ngunit isang pagkakawil ng mga kultura at wika (Lumbera ''Si Bitoy" 64). Walang nawawala sa pagsasalin dahil maaari lamang makapasok sa ating sensibilidad ang isang akda kapag naiangkop na ito sa ating wika (Tinio *Notes*).

Ang Paghahawan ng Landas tungo sa mga Simulain ng Panitikang Pambatang Filipino

Bilang konsepto ng paglilipat, katumbas ng terminong *translate* sa Ingles ang mga salitang *salin* at *hulog* sa Filipino. Ang salin ay nangangahulugang may kinalalagyan ang isang bagay at ang aksiyon ay ang paglalagay nito sa ibang sisidlan gaya ng "Isalin mo ang tubig ng bote sa baso", kung saan ang diin ay nasa proseso ng paglilipat. Sa kabilang banda, kung ang diin ay nasa kaganapan ng proseso ng paglipat ito ay tumutukoy sa konsepto ng paghuhulog kung saan may naghihintay na tao o sisidlan sa isang bagay at ang aksiyon ay pagkompleto sa proseso ng paglilipat. May bahagyang kaibahan ang mga konsepto ng hulog at salin kahit na iisa ang tumbas sa Ingles (Lumbera "Si Bitoy" 59). Mababanaag sa ganitong pag-iiba na kapwa proseso at produkto ang salin. Bilang isang natatanging paglipat, kalikasan din ng konsepto ng salitang salin ang tiyak na pagbabago dahil ang hubog at hugis ng isasalin ay aayon sa hubog at hugis ng pagsasalinan (Barbaza 110-111).

Malinaw sa palarawang muling pagsasalaysay ng *Ang Buhay ni Pagong at Matsing* ang *paghuhulog* ng isang kuwentong bayan tungo sa panitikang pambata. Gayundin, naisalin niya sa Tagalog ang mga akda ng dakilang manunulat pambata upang maiparating ang mga konsepto ng pagkabata labas sa kalakaran ng kolonyalismo. Ang mga ito ay *refraction* o adaptasyon ng isang akdang pampanitikan na nagbibigay ng bagong buhay at may intensiyong impluwensiyahan ang paraan ng pagbasa sa teksto ng bagong publiko gaya ng mga salin, komentaryo, antolohiya, historyograpiya, pagtuturo at dula. Kung tatanawin ang mga araling pampanitikan bilang isang sistema sa kaugnay ng iba pang mga sistemang panlipunan, mababasa ang mga *refraction* bilang pagbuhay sa teksto at publiko sa ibang panahon at konteksto (Lefevere

235). Sa paghihimay-himay ng mga sinuring teksto, maihahanay rin ang mga himagsik sa sistemang panlipunan na bitbit ng mga ito.

1. Paghahawan ng landas sa mga paksaing pambata

Inilahad sa itaas na may malinaw na intensyon at tiyak na mambabasa ang limang kuwentong piniling isalin ni Rizal mula sa kalipunan ng mayamang obra ni Andersen. Sa pagbasa ng mga akdang ito, makikita ang tiyak na halimbawa ng tatlong layuning pangkultura ng pagsasalin na inilatag ni Bienvenido Lumbera. Una, layunin ng pagsasalin ang pagpapalaganap ng kaalaman o kaisipan na nakapaloob sa isang akda. Sa akda ni Rizal, partikular na pinalalaganap ang pagbabasa ng tekstong pambata na walang motibong magturo ng dasal at kostumbreng bulag na ipinasusunod sa mga bata, sa halip, ito ang kauna-unahang tekstong intensiyonal na nais magkuwento upang maaliw at mapalawig ang imahinasyon ng mga bata. Pangalawa, nais ng pagsasalin na magbigay liwanag sa kasaysayan at kultura ng ibang bansa o panahon upang maglipat ng karunungan. Sa pagsasalin kay Andersen, ipinakilala ni Rizal ang mga konsepto ng krismas tri, paglaki ng sisne, ang apat na klima sa Europa, ang pagsasa-anghel ng mga bata at ang pagtatagumpay ng mga inaapi gaya ni Gahinlalaki at ng pangit na bibe. Panghuli, layunin ng pagsasalin na magpakilala sa mga bagong mambabasa ng mga akdang itinuturing na makabuluhan upang maging huwaran sa pagsulat (Lumbera *Ang Tagasalin*). Ang huling layunin ay tuwirang intensyon ni Rizal sapagkat kinikilala niya ang kadakilaan ni Andersen bilang natatanging manunulat pambata. Mayroon siyang bisyon ng pagsasalin ng iba't ibang dakilang akda gaya ng mga akdang antropolohikal nina Waitz, Gerland at Wallace at kung nagkaroon siya ng sapat na oras ay magpapalimbag siya ng salin ng mga akdang klasikal sa wikang Pranses, Ingles, Aleman, Italyano at Espanyol (Ocampo, N. 125). Pangunahing layunin ng pagsasalin ang pagpapalawig at pagpapayaman ng mga panitikan. Sinususugan, dinaragdagan at nagbibigay ito ng alternatibong kaisipan para sa mga kakulangan ng isang panitikan na hindi matatagpuan sa kaniyang sariling tradisyon (Hosillos *Notes* 131). Sa pagsasalin ni Rizal kay Andersen, inilahok niya ang pagsasaling pambata sa ganitong tunguhin.

Ang mga kuwento ni Andersen ay itinuturing na rebolusyonaryong mga akda sa panahong ito ay nailathala. Kinagiliwan at naimpluwensiyahan nito ang mga mambabasa dahil sa pagbibigay-tinig ng mga kuwento sa mga walang kapangyarihan—mga bata, mahihirap, ang pinakamatatanda at ang pagbibigay sa kanila ng natatanging lakas, karunungan at kaugnayan sa mundo. Bagaman ang subersiyon ng mga api ay makikita sa mga kuwentong bayan, ang mga akda ni Andersen ay nagbigay ng bagong buhay sa mga ito sa kontemporaryong tagpuan, at pagsasalansan ng matalas na kritisismong panlipunan (Windling).

Rebolusyonaryo ito bilang kauna-unahan at natatanging pagsasalin ng panitikang isinulat upang mabigyan ng sekular na babasahin ang mga bata sa panahon ng pananakop ng mga Kastila.

2. Paghahawan ng landas para sa angkop na gamit ng wikang Tagalog

Sinikap ni Rizal na matapos ang salin ng *Guillermo Tell* at mga akda ni Andersen hindi lamang upang maiparating ang mensahe ng mga akdang ito, kundi upang maitampok din ang mga panukalang pagbabago sa paggamit ng wikang Tagalog upang maging angkop sa pangangailangan ng mga Pilipino. Nagpanukala siya ng pagbabaybay na nagbabalik sa katutubong paraan ng pagsulat. Isa itong mahalagang pagkakataon upang makabuo ng sariling ortograpiya upang mabawi ang sarili (Ocampo,N. 149). Ang huling pahina ng *Guillermo Tell* ay mayroong tagubilin ukol sa ortograpiya at halimbawang sinaunang alpabeto ng baybayin. Sa dulang ito kasama ang mga salin kay Andersen isinakatuparan ni Rizal ang kaniyang mga panukala sa pagsusulong ng nasabing ortograpiya.

Sa antas ng mga salitang pinili sa pagsasalin, matutukoy ang mga prinsipyo ni Rizal tungkol sa pagsulat ng wikang Tagalog na sa kaniyang panahon ay masyadong impluwensyado ng wikang Kastila kaya't nagiging pahirap sa mismong may-ari ng wikang ito. Bunga ng mga katulad na gawain, nagmungkahi siya ng mga pamantayan sa pagbabaybay at paggamit ng mga salita. Nais din niyang mapagaan ang paggamit ng wika para sa mga batang kaniyang inaasahang babasa at uunawa ng kaniyang salin (Ocampo,N. 144). Sa gayon, masasabing integral sa bisyon ng nagsasarili at mapagpalayang wika ang pagsasalin ni Rizal kaugnay rin ng kaniyang mga proyektong pangkultura at pampolitika.

3. Paghahawan ng landas laban sa pagbabalewala sa bata

Ang mismong paggamit ng wikang Tagalog upang maitawid ang akda para sa mga bata ay kaugnay ng isang aspekto ng ideolohiya ni Rizal bilang natatanging ilustrado na hindi karaniwang nababatid sapagkat mayorya ng kaniyang akda ay nasa Espanyol at iba pang banyagang wika.

> Ang pagsasalin sa Tagalog ay hudyat ng pagbabagong direksyon ni Rizal bilang ilustrado. Isa itong pagtatangka na balikwasin ang eksklusibong nasyonalistikong diskurso ng mga ilustrado upang dumaloy sa masa at maging bahagi sila ng ibang uri ng diskurso/ diyalogong pambansa (akin ang salin sa Guillermo *Translation and Revolution* 27).

Ang pagsasalin ni Rizal ay integral sa kaniyang proyektong pambansa. Katuwang ito ng iba pang gawaing pangkultura na kaniyang sinikap na simulan upang mailatag ang tugon sa mga kahingiang pangkultura ng kaniyang panahon.

Hindi lamang sa mga salin at muling pagsasalaysay makikita ang paninindigan ni Rizal ukol sa maayos at makabuluhang pagpapalaki sa mga bata. Maging sa iba pa niyang akdang tuwirang ginawa para sa mga bata na naidokumento na sa aklat na *Rizaliana for Children* ni Alfredo Salanga noong 1984 at sa mga akdang hindi pambata. Kung pagmumunihan ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, ilang beses naging maka-bata ang mga nobela. Halimbawa nito ang pagtatanggol sa mga batang inaapi ng mestisong tagapagbuwis ni Don Rafael Ibarra na naging dahilan ng kaniyang ekskomulgasyon. Isa pa, ang kuwento ng magkapatid na Basilio at Crispin, pati na ang kalagayan mga bata sa paaralan ayon sa guro ng San Diego na kapwa nagsiwalat ng kalupitan ng mga prayle. Panghuli, ang batang Basilio ang pinagbilinan ni Elias tungkol sa kayamanan ni Ibarra at ng misyon ng "pagbati sa bukangliwayway at pag-alala sa kanilang mga nabuwal sa gabi". Sa gayon, laging may halaga ang bata sa mga teksto ni Rizal.

4. Paghahawan ng landas para sa makabatang pananaw-pambata

Kaakibat ng kaniyang mga pakikibaka sa usapin ng lahi at kasarian, inihain ni Rizal ang kaniyang malinaw na posisyong ideolohikal, ang

kaniyang pananaw-pambata. Nakatuon ito sa pagtuligsa sa kolonyal na pananaw-pambata na ang tuon ay pagsupil sa likas na pangangailangan ng mga bata na maging mapagtuklas, mapanuri at masiyahin gamit ang mga moralistiko at relihiyosong panitikan. Samakatwid, sinimulan ni Rizal ang prinsipyo ng paghahanap sa labas ng umiiral na panitikan upang punan ang kakulangan, tuligsain ang umiiral at maghain ng alternatibo sa pamamagitan ng pagbabalik sa katutubong panitikan at sa paggalugad sa mga mainam na banyagang teksto.

Makabata ang pananaw-pambata na bitbit ng mga muling pagsasalaysay at saling pambata ni Rizal. Taglay ng mga akdang ito ang mga pamantayang inihain ni Diaz De Rivera tungkol sa pagbubuo ng poetikang pambata na nakaangkla sa pagiging natatangi ng batang mambabasa, nagpapahalaga sa mga karapatan ng mga bata at nagbibigay-diin sa kultura ng pagbasa sa kaniyang paglaki (Diaz de Rivera 1991). Hindi lamang pagpapahalaga sa karapatan ng mga bata ang pananaw-pambatang ipinanukala ni Rizal, ipinakikilala niya ang mga labas sa karanasan ng pagkabata sa Pilipinas dahil mayroon siyang pananalig sa kakayahan ng mga bata bilang tagapagpalaganap ng makabuluhang panitikan gaya ng makikita sa sumusunod na bilin sa mga pamangkin:

> *Kung iniong kaaliwang basahin, sulatin at isaulu, ai mai masasalita kayo sa iniong mga kaibigang kapwa bata, mamatamisin ng aking loob at pagpapalain ang kinapaguran* (sipi ni Ocampo, N. 136 sa liham ni Rizal 14 Oktubre 1886).

Natatangi sa kaniyang panahon ang mga pagsasalin at muling pagsasalaysay ni Rizal sa pagpapahalaga sa mga bata bilang integral na bahagi ng lipunan kaugnay ng pag-aasam sa pagkakapantay-pantay. May kaakibat na responsibilidad ang pagtanggap sa handog na salin. Iniaatang ni Rizal ang pagpapalaganap ng mga salin sa kaniyang mga pamangkin sa pamamagitan ng pagsulat at pagsasaulo upang maikuwento sa kapwa-bata gaya ng nakagawian sa tradisyong pasalita. Pagkilala ito at pagtitiwala na nasa kamay ng mga batang mambabasa ang tunay na pagpapahalaga sa panitikang pambata na siyang ikatatamis ng loob ng sinomang makabatang manunulat.

Mga Sinuring Teksto:

"Ang Buhay ni Pagong at Matsing", "Two Eastern Fables" nasa Salanga, Alfredo Navarro. *Rizaliana for Children, Illustrations and Folktales.* Quezon City: Children's Communication Center 1984. Print

Rizal, Jose. trans. *Limang Kuwento ni Andersen*. May paunang salita at ilang puna si Antonia F. Villanueva.Maynila: Kawanihan ng Palimbagan, 1944. Print.

Mga Sanggunian:

Almario, Virgilio. *Panitikang Pambata sa Filipinas, Mga Gunita, Talâ, Puna't Pansin sa Kasaysayan.* Pasig City: Anvil, 2010. Print.

Antonio, Lilia F. *Apat na Siglo ng Pagsasalin.* Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, 1999. Print.

Barbaza, Raniela. "Ang Pagsasalin ay Pag-aangkin: Ang Pagsasaplosa kina Adan at Eba" nasa Zafra, Galileo S. Ed. *Salin-suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pagsasalin sa Filipinas. Ikatlong Sourcebook ng Sangfil.* Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino, 2004/2009, 107-120. Print.

Bellen, Christine S. "Bata, bata, paano ka ginawa?: Ang Konsepto ng Bata sa Dantaong ika-15 hanggang 19 sa Pilipinas mula sa Tala ng mga Dayuhan, sa *Lagda* at *Urbana at Feliza*" *Diliman Review* Tomo 51 Blg.4 2004, 18-28. Print.

Bolasco, Karina. "Of Books and Children" nasa *Ani* Tomo III: Blg. 1 Marso 1989, xii-xx. Print.

Craig, Austin. Ed. *Rizal's Own Story of His Life*, 4th Edition. Manila: National Book, 1927. Print.

Dans Lee, Marcy. "A Brief Review of Children's Book Illustration in the Philippines" nasa Almario, Paterno, Sunico, Villanueva. Eds. *Bumasa at Lumaya: A Sourcebook on Children's Literature in the Philippines.* Pasig: Anvil Publishing Inc., 81-106. 1996. Print.

Evasco, Eugene. "Ang Bata sa Pagtuklas ng mga Bayani" *Diliman Review* Tomo 52 Blg. 1-4, 2005,84-109. Print.

Guillermo, Ramon. *Translation and Revolution, A Study of Jose Rizal's Guillermo Tell*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2009. Print.

---. "Themes of Invention, Help and Will: Joachim Campe's *Robinson der Jüngere* in Tagalog and Bahasa Melayu Translations" *Southeast Asian Studies* (SEAS) Tomo 3, Blg.1 Abril 2014, 3-47. Print.

Hosillos, Lucila "Notes on Translation" *The Literary Apprentice*, WP.,129-137. Print.

Kalmbach, James. "Structure of Narrative Retelling". Estados Unidos: Michigan State University, 1980. E-book.

Kasilag, Lucresia. "Introduction" Salanga, Alfredo Navarro. *Rizaliana for Children, Illustrations and Folktales.* Quezon City: Children's Communication Center 1984, 6. Print.

Lefevere, Andre. "Why Waste Our Time on Rewrites: The Trouble with Interpretation and the Role of Rewriting in An Alternative Paradigm" nasa Hermans, Theo, Ed. *The Manipulation of Literature: Studies in Literary Translation*. London, 1985. Print.

Lumbera, Bienvenido. "Ang Tagasalin at ang Kaniyang Mambabasa", *Philippine Collegian*, 1975, 3-4. Print.

---. "Si Bitoy Camacho at si Julius Caesar, at si Nick at si Will: Ang Kultura sa Likod ng mga Salita sa Pagsasa-Filipino para sa Entablado" nasa Zafra, Galileo S. Ed. *Salin-suri: Panimulang Pagmamapa ng mga Larangan ng Pagsasalin sa Filipinas. Ikatlong Sourcebook ng Sangfil.* Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino 1995/2009, 59-64. Print.

Matulka, Denise I. *A Picture Book Primer: Understanding and Using Picture Books.* Estados Unidos: Libraries Unlimited, 2008. E-book.

Nikolajeva, Maria. "The Verbal and the Visual: The Picturebook as Medium." *Children's Literature as Communication.* Sell, Roger D., Editor. USA: ChilPA Project, 2002, pp. 85-108. E-book.

Ocampo, Ambeth R. "The First Christmas Tree in the Philippines", *Inquirer.net.* Disyembre 25, 2012. Web.

Ocampo, Nilo S. *May Gawa na Kaming Natapos Dini: Si Rizal at Ang Wikang Tagalog.* Quezon City: Office of the Vice-Chancellor for Research and Development, University of the Philippines, 2002. Print.

Oittinen, Riitta. *Translating for Children.* New York at London: Garland Publishing Inc., 2005. E-book.

O'Sullivan, Emer. *Comparative Children's Literature*. Salin ni Anthea Bell. London at New York: Routledge, 2005. E-book.

Rizal, Jose. trans. *Limang Kuwento ni Andersen*. May paunang salita at ilang puna si Antonia F. Villanueva.Maynila: Kawanihan ng Palimbagan, 1944. Print.

---. *Andersen, limang salita na ysinalin sa Tagalog*. Manila: Cacho Hermanos, 1954. Print.

Salanga, Alfredo Navarro. *Rizaliana for Children, Illustrations and Folktales.* Quezon City: Children's Communication Center 1984. Print

"Spanish Women's History in the 20th Century" http://cr.tiching.com/link/106665. Nabasa noong Hunyo 15, 2017

Tinio, Rolando S. "Pilipino para sa mga Intelektuwal" *Sagisag* 1975, 6.

---. "Notes for the Illiterati" *Mimeograph, Programa para Teatro Pilipin*o, 1977.

Tolentino, Rolando. "Ang Pinag-aagawang Bata sa Panitikang Pambata : Folklore, Media at Diskurso ng Bata". *Malay*, Tomo 21, Blg. 1, 2008.

Torres-Yu, Rosario. "Usapin ng Kapangyarihan at Muling Pagsasalaysay ng Carancal." *Malay* Tomo 21 Blg. 2. Manila: De La Salle University Press, 2009.

---. "Muling Pagsasalaysay ng Ang Buhay ni Pagong at Matsing: Ang Talas ng Mahina Laban sa Tuso na Malakas." Papel na binasa sa *Pilandokan: Pambansang Kumperensiya sa Panitikang Pambata,* Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. 15 Oktubre 2011

Tuason, Joaquin. Trans. *Ang bagong Robinson, historiang nagtuturo nang mabubuting caugalian, na guinauang tanungan nang icatuto at icalibang nang manga batang babayi,t lalaqui* .Manila: Imprente del Colegio de Santo Tomas, 1879. Print.

Vermeer, Hans J. "Skopos and Commission in Translational Action" trans. Andrew Chesterman. nasa Venuti, Lawrence. Ed. *The Translation Studies Reader.* Routledge: London and New York, 1989/2000, 221-232. E-book.

Windling, Terri. "Hans Christian Andersen: Father of the Modern Fairy Tale" http://www.terriwindling.com/mythic-arts/hca.html. Binasa noong Agosto 20, 2016.

Zipes, Jack. *The Irresistible Fairy Tale:The Cultural and Social History of a Genre.* United Kingdom: Princeton University Press, 2012. Print.

Zorilla, Lourdes. "Kuwentong Pagong at Matsing: Pag-iral sa Kasaysayan at Kultura at Ang Dalumat ng Linlang". Tesis na Masterado, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2013.